Jacqueline D. Crarer
Superintendent (Acting)
Educational Support Services



Calgary Board of Education

EDUCATIONAL SUPPORT SERVICES
515 Macleod Trail, S.E., Calgary, Alberta T2G 2L9 • Phone (403) 294-8118 • Fax (403) 294-8307

Hunyo 2008

Mahal na Magulang at Katiwala:

Nais naming ipaalam sa inyo ang mga pagbabagong nagawa ng Edukasyon ng Alberta sa pamamaraan ng pag-ulat ng mga guro ng Naisagawa sa Baitang Pampaaralan (NBP) sa mga Sining ng Wika at Matematica ng mga estudyanteng nasa ika 1 hanggang 9 na baitang.

Nang nakaraang taon iniutos ng Edukasyon ng Alberta sa mga guro na iulat ang NBP ng estudyante bilang isang buong numero. Sa taong ito inuutos ng Edukasyon ng Alberta sa mga guro na iulat ang NBP ng mga estudyanteng kumukuha ng mga Sining ng Wika at Matematica bilang "nasa baitang pampaaralan", "mas mataas sa baitang pampaaralan" o "mas mababa sa baitang pampaaralan" na kaugnay ng nakatalang baitang pampaaralan ng estudyante.

Ang ilalagay sa kanilang ulat (report card) sa Hunyo 2008
ay nasa, mas mataas o mas mababa, at hindi mga numero, sa pag-ulat ng NBP ng mga estudyanteng nag-aaral ng mga Sining ng Wika at Matematica.

Kung nais pa nang higit na kaalaman tungkol sa pag-ulat ng Naisagawa sa Baitang Pampaaralan, mangyari po lamang ay basahin ang librong PAG-ULAT NG NAISAGAWA SA BAITANG PAMPAARALAN: PARA SA KAALAMAN NG MAGULANG, binago Marso 2008. Mababasa din ang librong ito sa wikang Ingles sa website ng Lupon ng Edukasyon ng Calgary sa http://www.cbe.ab.ca/new/glar/GLAR.pdf Ilalabas din namin ang librong ito sa iba-iba pang wika kapag nagawa na ito.

Kung kayo ay may katanungan ukol sa NBP ng bata sa mga Sining ng Wika at Matematica, mangyari po lamang ay kausapin ang kani-kanilang guro.

Ang Inyong Lingkod,

Jacqueline Crarer
Superintendente, Serbisyong Tulong sa Edukasyon